


PRAYMER HINGGIL sa CARHRIHL

JOINT MONITORING COMMITTEE (JMC)
at JOINT SECRETARIAT (JS) ng JMC
(FILIPINO at INGLES)

PRAYMER HINGGIL sa CARHRIHL, JMC at JS ng JMC *(FILIPINO at INGLES)*



A Publication
of the NDFP Human Rights Monitoring Committee
December 2005



NATIONAL DEMOCRATIC FRONT
OF THE PHILIPPINES (NDFP)
Human Rights Monitoring Committee

BOOKLET NUMBER 5
IKALAWANG EDISYON

**Praymer hinggil sa CARHRIHL,
Joint Monitoring Committee (JMC)
at Joint Secretariat (JS) ng JMC**

(Filipino at Ingles)

Ikalawang Edisyon

NILALAMAN / CONTENTS

Praymer hinggil sa CARHRIHL, Joint Monitoring Committee (JMC)
at Joint Secretariat (JS) ng JMC

1



Primer on the CARHRIHL, the Joint Monitoring Committee (JMC)
and the Joint Secretariat (JS) of JMC

52



MGA APENDIKS / APPENDICES

Comprehensive Agreement on Respect for Human
Rights and International Humanitarian Law
Between the Government of the Republic of the Philippines
and the National Democratic Front of the Philippines

93



NDFP-JS Complaints Processing Flow Chart
at NDFP at GRP Porma ng Reklamo
(Complaint Forms)

106

Talaan ng mga Tanong



I. Ang Negosasyong Pangkapayapaan sa Pagitan ng NDFP at GRP

1. Bakit may negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP? 6
2. Paano makakamit ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa ating bansa? 7
3. Matatamo ba ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng negosasyong pangkapayapaan? 7
4. Paano maaaring maging kapaki-pakinabang ang negosasyong pangkapayapaan sa mamamayan? 8
5. Anu-ano ang mga pangunahing dokumento o kasunduan na nilagdaan at pinagkasunduan na ng NDFP at GRP bago ang CARHRIHL? 8
6. Ano ang nilalaman at kahalagahan ng *The Hague Joint Declaration* (THJD) o Pinagkaisahang Deklarasyon sa The Hague? 9
7. Ano ang nilalaman at kahalagahan ng *Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees* (JASIG) o Pinagkaisahang Kasunduan sa mga Garantiya sa Kaligtasan at Imyuniti? 10

II. Ang CARHRIHL

8. Ano ang CARHRIHL o ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa Karapatang-tao at Internasyunal na Makataong Batas? 11
9. Ano ang dahilan sa pagbubuo ng CARHRIHL? 12
10. Anu-ano ang mga layunin ng CARHRIHL? 12
11. Ano ang kabuluhan ng CARHRIHL sa negosasyong pangkapayapaan? 13
12. Bakit makasaysayang dokumento ang CARHRIHL? 13
13. Ano ang kahalagahan ng CARHRIHL? 14
14. Anu-ano ang iba pang mga mahahalagang probisyon sa mga pambungad na bahagi ng CARHRIHL (Preamble; Deklarasyon ng mga Prinsipyo; at Batayan, Saklaw at Aplikasyon)? 15

Hinggil Sa Paggalang sa Karapatang-Tao

15. Ano ang sinasabi sa CARHRIHL tungkol sa paggalang sa mga karapatang-tao? 15
16. Anu-ano ang mga karapatang-taong itinatakda sa CARHRIHL? 16
17. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa paglabag at pang-aabuso sa mga karapatang-tao? 19

18.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga biktima ng batas militar?	20
19.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga bilanggong pulitikal?	21
20.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga mapanupil na batas, dikreto, utos-ehekutibo (<i>executive issuances</i>), at mga di-makatarungang desisyon ng korte ng GRP?	22
21.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga gawain na maaring makapinsala, pangkalikasan o ibang kapinsalaan, at makasama sa buhay, kabuhayan at ari-arian ng mamamayan?	24
22.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL ukol sa mga saligang kolektibo at indibidwal na karapatan ng mamamayan?	25
23.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga obligasyon ng GRP na pangalagaan ang mga karapatan ng mga manggagawa?	25
24.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga obligasyon ng GRP na pangalagaan ang karapatan ng mga magbubukid na siyang bumubuo sa mayorya ng populasyon ng Pilipinas?	26

Hinggil Sa Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas

25.	Ano ang internasyunal na makataong batas?	27
26.	Bakit kailangan pang isama ang IHL sa CARHRIHL gayong ang mga internasyunal na kumbensyon naman ay maaaring iangkop o maging aplikable sa nagaganap na armadong tunggalian sa bansa?	27
27.	Kanino aplikable ang mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas?	28
28.	Anu-anong mga gawain o hakbang ang ipinagbabawal ng CARHRIHL na gawin sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon ng internasyunal na makataong batas?	29
29.	Kailan o sa anong mga kalagayan ipatutupad ang mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas?	30
30.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga paglabag sa internasyunal na makataong batas sa Pilipinas?	32
31.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa sapilitang pagpapalikas?	33
32.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga grupong paramilitar?	34
33.	Ano ang paninindigan ng CARHRIHL hinggil sa mga kababaihan at mga bata na nasa lugar na may labanan?	34
34.	Anu-ano ang mga karapatan at katungkulan ng mga grupong medikal, relihiyoso at makatao, na nakasaad sa CARHRIHL?	34
35.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga kampong militar?	35
36.	Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa badyet ng militar?	35

Hinggil Sa mga Pinal na Probisyon ng CARHRIHL

37. Ano ang kahalagahan ng mga pinal na probisyon ng CARHRIHL? 35

Hinggil Sa Pagpapatupad ng CARHRIHL

38. Paano ipatutupad ang CARHRIHL? 36
39. Paano isinasakatuparan ng NDFP ang mga obligasyon nito sa CARHRIHL? 37
40. Ano ang mga kagyat na obligasyon ng GRP bilang pagtupad
nito sa komitment sa CARHRIHL? 38

III. Ang Joint Monitoring Committee (JMC)

41. Ano ang JMC? 40
42. Sinu-sino ang mga kasalukuyang kagawad ng JMC? 41
43. Anu-ano ang mga partikular na gawain ng JMC? 41
44. Ano ang ibig sabihin ng imbestigasyon? 41
45. Kailan at saan nagpupulong ang JMC? 42
46. Gaano katagal gagampan ng gawain ang JMC? 42

IV. Ang Joint Secretariat (JS) ng JMC

47. Ano ang JS ng JMC? 43
48. Ano ang gawain o responsibilidad ng JS? 43
49. Saan at anong oras at araw bukas ang tanggapan ng JS? Paano ito makokontak? 44
50. Sino ang maaaring magsumite ng reklamo sa JMC sa pamamagitan ng JS? 44
51. Sino ang maaaring maging mga awtorisadong kinatawan? 44
52. Anu-anong mga paglabag ng karapatang-tao at internasyunal
na makataong batas ang maaaring isumite sa JMC sa pamamagitan ng JS? 45
53. Paano isusumite o idudulog ang reklamo sa JMC sa pamamagitan ng JS? 45
54. Anu-ano ang mga rekisito sa pagsusumite at pagsasampa
ng mga reklamo o impormasyon? 45
55. Ano ang dapat nilalaman ng salaysay ng pangyayari o *factsheet*? 45
56. Maaari rin bang magsumite ng iba pang dokumento at ebidensiya? 46
57. Anu-ano ang mga dokumentong maaaring isumite? 46
58. Saan isusumite ang mga reklamo o impormasyon ng diumano'y paglabag
ng GRP (*Armed Forces of the Philippines* o AFP, *Philippine National Police*
o PNP, *Citizen's Armed Forces Geographical Units* o CAFGU, at iba pa)? 47

59.	Saan isusumite ang mga reklamo o impormasyon ng diumano'y paglabag ng NDFP (BHB, Milisyang Bayan, at iba pa)?	47
60.	Pinapalitan ba ng gawain ng JMC ang gawain ng ibang mga organisasyong pang-karapatang-tao at pang-kapayapaan?	47
61.	Maaari pa rin bang isumite sa JMC ang mga kaso na naisampa na, nakasampa pa o ibinasura na sa ibang ahensya o larangan?	48
62.	Lahat ba ng mga reklamo ng paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas at sa CARHRIHL at karampatang impormasyon ay maaaring isumite sa JMC?	48

V. Mga Tungkulin ng Mamamayan

63.	Paano makapagsisilbi sa mamamayan ang CARHRIHL?	49
64.	Ano ang maaaring gawin ng mamamayan upang itaguyod ang CARHRIHL?	49
65.	Paaano masusuportahan ng mamamayan ang gawain ng JMC?	50
66.	Paano makakatulong ang mamamayan sa pagtiyak ng tagumpay ng negosasyong pangkapayapaan tungo sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan?	50

Introduksyon

Ang *Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law* (CARHRIHL) o Komprehensibong Kasunduan Para sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at Internasyunal na Makataong Batas ay isa sa mahahalagang dokumento na ibinunga ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng *National Democratic Front of the Philippines* (NDFP) at *Government of the Republic of the Philippines* (GRP).

Ang praymer na ito ay pangunahin na nakapatungkol sa pagbibigay kaalaman sa mamamayang Pilipino na interesado sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP. Maaaring may halaga rin ang praymer sa mga indibidwal at grupo sa loob at labas ng bansa na nagnanais itaguyod ang paggalang sa karapatang-tao at sa internasyunal na makataong batas, laluna sa mga sitwasyong may armadong tunggalian.





I. Ang Negosasyong Pangkapayapaan sa Pagitan ng NDFP at GRP



1. Bakit may negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP?

Sapagkat sa kasalukuyan ay may nagaganap na armadong tunggalian sa pagitan ng NDFP at GRP. Kapwa sila may pwersang militar na kumikilos sa buong bansa, may kani-kanyang pampulitikang kapangyarihan at mga organisasyong namumuno sa mga pwersang militar na ito, at may kani-kanyang pananaw at mga solusyon sa mga sosyo-ekonomikong suliraning kinakaharap ng mamamayang Pilipino. Higit pa, ang bawat panig ay may kani-kanyang kontroladong teritoryong nasasakupan at mamamayang nasasaklawan.

Kinakatawan ng NDFP ang mga pwersang nagnanais ng batayang pagbabago sa umiiral na marahas at di-makatarungang sistemang panlipunan. Kabilang sa mga kinakatawan ng NDFP ay ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB), mga organo ng kapangyarihang pampulitika, at ang rebolusyonaryong organisasyong pangmasa at mga mamamayan sa buong kapuluan.

Sa kabilang banda, kinakatawan naman ng GRP ang mga pwersang nais panatiliin ang umiiral na marahas at di-makatarungang sistemang panlipunan na pinaghaharian ng mga malalaking panginoong maylupa at komprador burgesya na, sa tulong ng malalaking dayuhang kapitalista, ay nagsasamantala



at umaapi sa higit na nakararaming mamamayang Pilipino tulad ng mga manggagawa, magbubukid, karaniwang sahurang tulad ng mga guro, kawani sa pampubliko at pribadong opisina, kababaihan, katutubong minorya, at iba pa.

2. Paano makakamit ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa ating bansa?

Makakamit ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa ating bansa kapag nalutas na ang mga ugat ng armadong tunggalian o gyera sibil. Ito’y nangangahulugan ng pag-alis ng kontrol at dominasyon ng imperyalismo o dayuhang monopolyo kapitalismo sa ekonomya at pulitika ng bansa, pagpawi sa pyudalismo na nang-aalipin sa mga magbubukid na siyang pinakamalaking bahagi ng ating populasyon, at paglansag sa burukrata kapitalismo na siyang pangunahing pinagmumulan ng katiwalian sa pamahalaan at pangungurakot sa kaban ng bayan. Sa pamamagitan ng mga pagbabagong ito, ang Pilipinas ay magiging isang tunay na malaya, demokratiko, makatarungan at masaganang bansa.

Hanggat ang lipunang Pilipino ay pinaghaharian at kontrolado ng imperyalismo, lokal na pyudalismo at burukrata kapitalismo, hindi magkakaroon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa bansa. Ang mamamayan ay patuloy na makikibaka at ipaglalaban ang kanilang karapatan para sa pambansang kalayaan, demokrasya at katarungang panlipunan.

Ayon sa CARHRIHL, kinikilala ng dalawang Partido sa negosasyong pangkapayapaan “na ang mga saligang indibidwal at kolektibong kalayaan at karapatang-tao sa larangan ng pulitika, lipunan, ekonomya at kultura ay makakamit lamang at yayabong sa kalagayang may pambansa at panlipunang kalayaan ang mamamayan” (*Unang Bahagi: Deklarasyon ng mga Prinsipyo; Artikulo 4*).

3. Matatamo ba ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng negosasyong pangkapayapaan?

Mahirap makamit ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa






pamamagitan ng negosasyong pangkapayapaan lamang. Sa katunayan, ang mga pwersang tutol sa panlipunang pagbabago ay gumagamit ng lahat ng paraan at ng buong mapamwersang instrumento ng estado (pamahalaan, kongreso, korte, pulisya at pwersang militar) upang mapanatili ang kanilang paghahari at marahas na pigilin at supilin ang hangarin ng mamamayan para sa isang malaya, demokratiko, makatarungan at maunlad na lipunan.

Sa ganitong kalagayan, may karapatan ang mamamayan na gumamit ng lahat ng anyo ng pakikibaka, mula sa ligal, parliamentaryo at militanteng kilos-masa hanggang sa armadong pakikibaka, upang labanan at mapangibabawan ang karahasang panlipunan at bangis ng mga pwersang tutol sa panlipunang pagbabago. Ang negosasyong pangkapayapaan ay isang anyo ng pakikibaka na maaaring maging kapaki-pakinabang lamang sa mamamayan kung ito ay mahusay na napanghahawakan at kaugnay ng iba pang anyo ng pakikibaka.

4. Paano maaaring maging kapaki-pakinabang ang negosasyong pangkapayapaan sa mamamayan?

Ang negosasyong pangkapayapaan ay magiging kapaki-pakinabang lamang sa mamamayan kung:

- a. haharapin nito at sisikaping lutasin ang mga ugat ng armadong tunggalian o digmaang sibil;
- b. makapagpapalakas ito, hindi makapagpapahina, sa mga pwersang nakikibaka para sa makatarungang panlipunang pagbabago; at
- k. may makakamit na tiyak at kagyat na pakinabang ang mamamayan kahit hindi humantong ang negosasyon sa pagtigil ng armadong tunggalian o digmaang sibil.



5. Anu-ano ang mga pangunahing dokumento o kasunduan na nilagdaan at pinagkasunduan na ng NDFP at GRP bago ang CARHRIHL?

Kabilang sa mga ito ang:

- a. *The Hague Joint Declaration* o Pinagkaisahang Deklarasyon sa The Hague (Setyembre 1, 1992);



b. *Breukelen Joint Statement* o Pinagkaisahang Pahayag sa Breukelen (Hunyo 14, 1994);

k. *Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees* o Pinagkaisahang Kasunduan sa mga Garantiya sa Kaligtasan at Imyuniti (Pebrero 24, 1995);

d. *Joint Agreement on the Ground Rules of the Formal Meetings Between the GRP and the NDFP Negotiating Panels* o Pinagkaisahang Kasunduan sa mga Alituntunin ng Pormal na Pulong sa Pagitan ng GRP at NDFP Negotiating Panels (Pebrero 26, 1995); at

e. *Joint Agreement on the Formation, Sequence and Operationalization of the Reciprocal Working Committees (RWCs)* o Pinagkaisahang Kasunduan sa Pagbubuo, Pagkakasunud-sunod at Operasyonalisasyon ng mga Reciprocal Working Committee (Hunyo 26, 1995).

6. Ano ang nilalaman at kahalagahan ng *The Hague Joint Declaration* (THJD) o Pinagkaisahang Deklarasyon sa The Hague?

Una, itinakda sa *The Hague Joint Declaration* na ang layunin ng negosasyong pangkapayapaan ay ang pagkakamit ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng paglutas sa mga ugat ng armadong tunggalian.

Pangalawa, nakasaad sa THJD na ang mga prinsipyong katanggap-tanggap sa magkabilang panig, kabilang ang pambansang soberanya, demokrasya at katarungang panlipunan, ang siyang magsisilbing balangkas ng negosasyon, at walang itatakdang pre-kondisyon na magpapawalambisa sa likas na katangian at hangarin ng negosasyong pangkapayapaan. Kung kayat ang NDFP at GRP ay magkapantay sa negosasyon at wala sa alinmang Partido ang mapapailalim sa balangkas ng Konstitusyon o sa mga batas ng kabilang Partido.

Muling pinagtibay ng GRP ang nakasaad sa itaas sa sumusunod na sipi mula sa *Breukelen Joint Statement* o Pinagkaisahang Pahayag sa Breukelen: “Malinaw na ang pagtalima ng GRP sa mga prosesong Konstitusyunal ay hindi nangangahulugan ng pagtakda ng Konstitusyon ng GRP bilang balangkas sa usapang pangkapayapaan.”

Pangatlo, itinakda ng THJD na ang adyenda ng pormal na negosasyon ay ang sumusunod ayon sa ganitong pagkakasunud-sunod:



- a. Karapatang-Tao at Internasyunal na Makataong Batas;
- b. Repormang Sosyo-ekonomiko;
- k. Repormang Pampulitika at Konstitusyonal; at
- d. Pagtigil ng Labanan at Disposisyon ng mga Pwersa.

Pang-apat, itinakda ng THJD ang pamamaraan ng negosasyon sa pamamagitan ng pagbubuo ng magkabilang Partido ng kani-kanyang mga *Reciprocal Working Committee* o RWCs na siyang maghahanda ng mga borador ng kasunduan sa bawat isyu ng substantibong adyenda.

7. Ano ang nilalaman at kahalagahan ng *Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees* (JASIG) o Pinagkaisahang Kasunduan sa mga Garantiya sa Kaligtasan at Imyuniti?

Una, hinahawan ng JASIG ang daan para sa pagdaraos ng pormal na negosasyong pangkapayapaan.


Pangalawa, ginagarantiyahan ng JASIG ang kaligtasan ng mga negosyador, tagapayo, istap, security at iba pa at binigyan sila ng imyunidad mula sa pagmanman, pagharas, paghalughog, pag-aresto, pagdetine, prosekusyon, interogasyon at iba pang mga katulad na hakbang pamparusa dahil sa anumang paglahok o partisipasyon sa negosasyong pangkapayapaan;

Pangatlo, nakasaad sa JASIG na ang pormal na negosasyong pangkapayapaan ay gaganapin sa dayuhang lugar na nyutral o *foreign neutral venue*.

Ang pangunahing layunin ng JASIG ay padulasin ang negosasyong pangkapayapaan, maglikha ng paborableng klima para sa malayang diskusyon at malayang kilos ng mga kalahok sa negosasyong pangkapayapaan; at maiwasan ang anumang insidente na maaaring magsapeligro sa negosasyong pangkapayapaan.



II. Ang CARHRIHL



8. Ano ang CARHRIHL o ang Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa Karapatang-tao at Internasyunal na Makataong Batas?

Ang CARHRIHL ay ang unang komprehensibong kasunduan sa substantibong adyenda ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP.

Nabuo ito matapos ang mahigit na dalawang taon ng kumplikadong proseso ng negosasyon at pinirmahan ng dalawang Panel sa negosasyong pangkapayapaan noong Marso 16, 1998 sa *The Hague, The Netherlands*. Pinagtibay ito ni Kasamang Mariano Orosa, Tagapangulo ng Pambansang Konseho ng NDFP, noong Abril 10, 1998 at ni dating Presidente Joseph Estrada ng GRP noong Agosto 7, 1998.

Ang CARHRIHL ay bunga ng mahabang kasaysayan ng pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pagtataguyod at pagtatanggol sa kanilang karapatang-tao. Isa itong kasunduan na nakabatay sa kongkretong kalagayan na may sistematiko at malawakang paglabag sa mga karapatang-tao sa bansa. Ang CARHRIHL ay napapanahong karagdagan sa mga umiiral nang lokal at internasyunal na dokumento ukol sa karapatang-tao, laluna sa mga sitwasyong may armadong tunggalian.

Sa ngayon, ang CARHRIHL ang pinakamalaking pakinabang na nakamit para sa mamamayan sa negosasyong pangkapayapaan. Walang anumang dokumento, batas o kasulatan ang GRP ukol sa karapatang-tao na maihalalintulad sa CARHRIHL.



9. Ano ang dahilan sa pagbubuo ng CARHRIHL?

Dahil sa makasaysayang katotohanan na matagal nang nilalabag nang walang pakundangan ang karapatang-tao sa bansa, ang dahilan sa pagbubuo ng CARHRIHL ay ang pangangailangang itaguyod, palawakin at garantiyahan ang mga demokratikong karapatan at kalayaan ng mamamayan, laluna ng masang anakpawis ng manggagawa at magbubukid. “Bukod pa rito, dahil sa kalagayang may matagalang armadong tunggalian, kinikilala ng dalawang Partido ang pangangailangan ng paglapat ng internasyunal na makataong batas” sa kondukta ng digmaan. Sa pagbuo ng CARHRIHL, pinagtibay ng dalawang Partido ang kanilang palagian at tuloy-tuloy na mutwal na komitment na igalang ang karapatang-tao at internasyunal na makataong batas at kilalanin ang kani-kanyang mabuting hakbang at hangarin na tumalima at tumupad sa internasyunal na makataong batas.

(Preambulo at Unang Bahagi: Deklarasyon ng mga Prinsipyo; Artikulo 3, 5, 6 at 7)

10. Anu-ano ang mga layunin ng CARHRIHL?

Nilalayon ng CARHRIHL na:

a. garantiyahan sa lahat ng sirkumstansya ang proteksyon ng mga karapatang-tao ng lahat ng mamamayang Pilipino, laluna ng mga manggagawa, magbubukid, at iba pang maralitang mamamayan;

b. pagtibayin at ilapat ang mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas upang mapangalagaan ang populasyong sibliyan at mga indibdwal na sibilyan, gayundin ang mga taong hindi tuwirang kalahok o tumigil na sa paglahok (o wala nang kapasidad na lumahok) sa armadong labanan, kabilang ang mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian (mga bihag ng digma);



k. magtayo ng epektibong mekanismo at paraan upang ipatupad, imonitor, iberipika at tiyakin ang pagtalima sa mga probisyon ng CARHRIHL; at

d. hawanin ang daan para sa mga komprehensibong kasunduan sa mga reporma sa ekonomya, lipunan at pulitika na titiyak sa pagtatamo ng



makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

(Ikalawang Babagi: Mga Batayan, Saklaw at Aplikasyon; Artikulo 2)

11. Ano ang kabuluhan ng CARHRIHL sa negosasyong pangkayapaan?

Nilagdaan ng NDFP at GRP ang CARHRIHL sa balangkas ng negosasyon para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Sa kalagayang ang paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas ay nagaganap nang walang pakundangan laban sa mamamayan at rebolusyonaryong pwersa, mahalagang maresolba muna ang isyung ito bago tumuloy ang negosasyong pangkayapaan sa iba pang punto sa substantibong adyenda. Ang pag-apruba at pagpapatupad ng CARHRIHL ang lumikha ng batayan upang tumuloy sa iba pang mga punto.


Nakabatay ang CARHRIHL sa mga interes, adhikain at kongkretong kalagayan ng mamamayang Pilipino, laluna ng mga manggagawa, magbubukid, maralitang-lunsod, kababaihan, kabataan, mamamalakaya, katutubo at iba pang aping sektor ng lipunang Pilipino. Ang CARHRIHL ay tumutugon sa kanilang paghingi ng katarungan laban sa patuloy na paglabag sa kanilang mga karapatan.

Ngunit ang CARHRIHL ay hindi ang solusyon sa mga batayang suliranin ng mamamayang Pilipino. Habang nananatili ang mga panlipunan at pang-ekonomyang batayan ng kanilang paghihirap, magpapatuloy ang armadong tunggalian. Gayunpaman, kung maipapatupad ang CARHRIHL, maaaring magkaroon ng pag-unlad sa kalagayan ng karapatang-tao sa bansa at sa aplikasyon ng mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas sa kondukta ng armadong tunggalian. Ang mahalaga'y mapapakinabangan ng mamamayan ang Kasunduan, mapapangalagaan ang kanilang karapatan kahit hindi pa tapos ang negosasyong pangkayapaan at hindi pa nakakamit ang tunay na kapayapaan.

12. Bakit makasaysayang dokumento ang CARHRIHL?

Makasaysayan ang CARHRIHL dahil:

a. sa kauna-unahang pagkakataon, kinilala ng GRP ang buong saklaw ng mga karapatang-tao na kinabibilangan ng mga karapatang sibil, pampulitika, pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura;



b. inamin ng GRP ang katotohanang sistematiko at malaganap ang paglabag nito sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas;

k. sa pamamagitan ng paglagda sa CARHRIHL, sumang-ayon ang GRP na tutuparin nito ang kanyang mga obligasyon sa ilalim ng Kasunduan;

d. pinatotohanan at pinagtibay ng CARHRIHL ang istatus ng NDFP bilang isang lehitimo at kapantay na pwera sa digmaang sibil; at

e. kinilala ng CARHRIHL ang sariling pampulitikang awtoridad at organisasyon ng NDFP at ang hiwalay na responsibilidad nito sa pagpapatupad ng CARHRIHL at sa paggampan ng kanyang mga obligasyon sa pagtataguyod at pagtatanggol ng mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

13. Ano ang kahalagahan ng CARHRIHL?

Una, ang CARHRIHL ay karagdagang sandata o instrumento sa kamay ng mamamayan para ipaglaban, itaguyod at palawakin ang kanilang mga karapatang-tao.

Pangalawa, ipinapakita nito na may sapat na lakas at kakayahan ang NDFP para humarap sa GRP bilang kapantay na pwera sa negosasyon at matamo ang isang kasunduang magagamit at mapakikinabangan ng mamamayan.

Pangatlo, pinabubulaanan nito ang di-makatotohanang bintang na ang NDFP ay hindi naghahangad ng kapayapaan sa paglulunsad nito ng makatarungang gyera o armadong pakikibaka. Bagkus, ipinapakita ng prosesong dinaanan sa pagtamo ng Kasunduan na ang NDFP ay malayong higit na seryoso at may kapasayahang makamit ang tunay at makatarungang kapayapaan kaysa sa GRP.

Panghuli, hinahawan ng Kasunduan ang daan para sa pagdaraos ng pormal na negosasyong pangkapayapaan sa repormang sosyo-ekonomiko; repormang pampulitika at konstitusyonal; at ang pagtigil ng labanan at disposisyon ng mga armadong pwera.



14. Anu-ano ang iba pang mga mahahalagang probisyon sa mga pambungad na bahagi ng CARHRIHL (Preambulo; Deklarasyon ng mga Prinsipyo; at Batayan, Saklaw at Aplikasyon)?

Ang iba pang mahahalagang probisyon ng pambungad na bahagi ng Preambulo, Deklarasyon ng mga Prinsipyo at Batayan, Saklaw at Aplikasyon ay ang mga probisyong nagtitibay sa mga prinsipyong inilatag sa *The Hague Joint Declaration* hinggil sa mga layunin at balangkas ng negosasyong pangkapayapaan, ang antas ng pagkakapatas, pagkakapantay, pagkakaroon ng magkatumbas na karapatan at mutwalidad ng mga Partido sa Kasunduan, ang pampulitikang awtoridad at integridad ng NDFP at ang mga alyadong organisasyon at pwersa nito, at ang paggampan ng magkahiwalay na tungkulin at pananagutan ng dalawang Partido sa pagpapatupad ng CARHRIHL.

May probisyon din dito na nag-oobliga sa mga Partido na tumalima at tumupad sa mga pandaigdigang instrumento at kumbensyon tulad ng *Universal Declaration of Human Rights* ng UN, ng *International Covenant on Civil and Political Rights*, ng *International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights*, at ng mga *Geneva Conventions* at mga *Protocols* nito.

Pinagtibay din dito ng dalawang Partido na ang CARHRIHL ay aplikable hindi lamang sa mga indibidwal, pamilya at grupo na kasapi o may kaugnayan sa alinman sa mga Partido kundi maging sa lahat ng mga sibilyan at taong hindi direktang kasangkot sa mga labanan, kasama na ang mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian.

*(Preambulo; Unang Babagi: Deklarasyon ng mga Prinsipyo;
at Ikalawang Babagi: Mga Batayan, Saklaw at Aplikasyon)*



Hinggil Sa Paggalang sa Karapatang-Tao

15. Ano ang sinasabi sa CARHRIHL tungkol sa paggalang sa mga karapatang-tao?

Itinatakda ng CARHRIHL na ang mga Partido ay tatalima at sasaklawin ng



mga prinsipyo at pamantayang nakasaad sa mga pandaigdigang instrumento ng karapatang-tao na nabanggit sa bilang 14. Nilalayan nitong harapin, remedyuhan at iwasan ang mga pinakamalalang paglabag sa mga karapatang-tao sa saklaw ng mga karapatang sibil at pampulitika, gayundin para itaguyod, pangalagaan at palaganapin ang buong saklaw ng karapatang-tao at mga saligang kalayaan batay sa ispesipikong kalagayan ng bansa.

16. Anu-ano ang mga karapatang-taong itinatakda sa CARHRIHL?

Ang mga sumusunod ang saklaw ng mga karapatang-tao at mga saligang kalayaan ng mamamayang Pilipino na nakapaloob sa CARHRIHL:

1. Ang karapatan sa pagpapasya sa sarili ng bansang Pilipino na may bisang ang mamamayan ang siyang dapat na lubos at malayang magpasya sa kanilang katayuan sa pulitika, isulong ang kanilang kaunlaran sa ekonomya, lipunan at kultura, at gamitin ang kanilang likas na yaman at mga rekurso para sa sariling kapakanan at benepisyo tungo sa tunay na pambansang kalayaan, demokrasya, katarungang panlipunan at kaunlaran.



2. Ang likas at di-maipagkakait na karapatan ng mamamayan na itayo ang isang makatarungan, demokratiko at mapayapang lipunan, magpatupad ng mga epektibong hakbang paniyak laban sa at para labanan ang paniniil at tiranya na gaya ng sa nakaraang rehimeng diktadura.

3. Ang karapatan ng mga biktima at ng kanilang mga pamilya na humanap ng katarungan sa mga paglabag sa karapatang-tao, kabilang ang sapat na kompensasyon o indemnipikasyon, restitusyon at rehabilitasyon, mga epektibong parusa at mga garantiya laban sa pagpapaulit-ulit at kawalan ng pananagutan.

4. Ang karapatan para mabuhay, laluna laban sa mga agarang pagpatay (pagsalbeyds), imboluntaryong pagkawala, masaker at walang pakundangang pambobomba sa mga komunidad, at ang karapatang hindi mapasailalim sa mga kampanya ng pang-uupat ng karahasan laban sa katauhan o sarili.



5. Ang karapatan para maging malaya, partikular laban sa walang batayan at walang katwirang pang-aaresto at pagkakakulong at para epektibong magamit ang pribilehiyo ng *writ of habeas corpus*.

6. Ang indibidwal at kolektibong karapatan ng mamamayan at ng mga komunidad na maging ligtas at panatag sa kanilang sariling pagkatao, tahanan, papeles, at mga epekto laban sa mga di-makatwirang paghahaluhog at kumpiskasyon at para sa mga epektibong paniyak sa mga karapatang ito laban sa anumang iligal na operasyon ng mga ahensya ng GRP.



7. Ang karapatang hindi mapasailalim sa pisikal at *mental torture*, solitaryong detensyon, panggagahasa at abusong sekswal, at iba pang hindi makatao, malupit at nakaaabang pagtrato, detensyon at pagpaparusa.

8. Ang karapatang hindi mapasailalim sa imboluntaryong paninilbihan o paggampan ng pwersahan o sapilitang paggawa.

9. Ang karapatan para sa substantibo at nasa tuntuning makatarungang proseso, ang ipagpalagay na inosente hanggang hindi napatutunayang nagkasala at laban sa pagdadawit sa sarili.

10. Ang karapatan para sa pantay na proteksyon ng batas at laban sa anumang anyo ng diskriminasyon sa batayan ng lahi, etnidad, kasarian, paniniwala, edad, pisikal na kalagayan o estado sibil at laban sa anumang pang-uupat sa gayong diskriminasyon.

11. Ang karapatan sa kalayaan sa pag-iisip at pagpapahayag, kalayaan ng konsensya, mga paniniwala at ugaling pampulitika at panrelihiyon, at ang karapatang hindi maparusahan o managot sa pagpapatupad ng mga karapatang ito.

12. Ang karapatan sa malayang pagsasalita, pamamahayag, asosasyon at pagtitipon at paghahabol ng katarungan sa mga karaingan.


13. Ang karapatan sa pribadong komunikasyon at pakikipagtalastasan, laluna laban sa pagharang, pang-uumit at pagbubukas ng mga sulat at



pagsasagawa ng ilegal na paniniktik at pangangalap ng impormasyon sa pamamagitan ng elektronik at iba pang paraan.

14. Ang karapatan sa malayang pagpili ng tirahan, paggalaw at pagbibyahe sa loob at labas ng bansa, paghiling ng asyllum, pangingibang bayan at pagkadistyero, at laban sa mga restriksyon sa pagbibyahe sa mga dahilan o layuning pulitikal.

15. Ang karapatan na hindi mapasailalim sa pwersahang ebakwasyon, blokeyo sa pagkain at iba pang anyo ng blokeyo sa ekonomya at walang habas na pambobomba, panganganyon, istraping, pamumutok ng baril at paggamit ng mga mina.



16. Ang karapatan para sa impormasyon sa mga usaping may kabuluhang publiko at pagiging bukas ng mga rekord, dokumento at papeles ukol sa mga akto, transaksyon o desisyon ng mga taong nasa awtoridad.

17. Ang karapatan para sa unibersal na pagboto ng walang pagtatangi sa kasarian, lahi, trabaho, pinagmulan sa lipunan, ari-arian, estado, edukasyon, paninindigang pang-ideolohiya at pampulitika at paniniwalang panrelihiyon.

18. Ang karapatang magkaroon ng sariling ari-arian at mga kagamitan sa produksyon at konsumo na nakuha sa pamamagitan ng reporma sa lupa, malinis na trabaho at pagnenegosyo, kasanayan, pagkamaimbento at intelektwal na merito at paggamit ng mga kagamitang ito para sa kapakanan ng lahat.

19. Ang karapatan para sa kapaki-pakinabang na empleyo, makataong kondisyon sa trabaho at pamumuhay, kabuhayan at seguridad sa trabaho, pagtatrabaho at pantay na sahod, pagbubuo ng mga unyon, pagwewelga at paglahok sa mga proseso ng pagbubuo ng mga patakaran at desisyon na nakakaapekto sa kanilang mga karapatan at interes, at ang karapatang hindi mapagkaitan ng mga karapatang ito dahil sa nasyunalidad, paniniwala, katayuang minorya, kasarian o piniling kasarian o katayuang sibil.



20. Ang karapatan para sa unibersal at libheng elementarya at sekondaryong edukasyon, at pagkakaroon ng mga batayang serbisyo at pangangalagang pangkalusugan.

21. Ang karapatan para malayang makalahok sa siyentipikong pananaliksik, imbensyong teknolohikal, paglikha sa panulat at arte at iba pang adhikaing pangkultura.

22. Ang karapatan sa pag-aasawa at pagbubuo ng pamilya, at pagtiyak sa komunikasyon at reyunyon ng pamilya.

23. Ang pantay na karapatan ng kababaihan sa lahat ng larangan ng gawain at lahat ng larangan sa pulitika, ekonomya, kultura, panlipunan at domestik na pamumuhay at kanilang emansipasyon.

24. Ang karapatan ng mga bata at ng mga may kapansanan sa proteksyon, pag-aalaga, at tahanan, laluna laban sa abusong pisikal at mental, prostitusyon, droga, sapilitang paggawa, kawalan ng tirahan at iba pang katulad na anyo ng pang-aapi at pagsasamantala.



25. Ang mga umiiral na karapatan ng mga komunidad ng minorya sa Pilipinas para sa awtonomya, para sa kanilang mga lupaing ninuno at likas na yaman sa mga lupaing ito, para makalahok at makakuha ng benepisyo mula sa positibong pagkilos, sa kanilang partisipasyon at representasyon sa buhay at mga institusyong pang-ekonomya, pampulitika at panlipunan at para sa pag-unlad sa kultura at lahatang panig ng pag-unlad.

(Ikatlong Bahagi: Paggalang sa mga Karapatang-tao; Artikulo 2, par. 1-25)

17. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa paglabag at pang-aabuso sa mga karapatang-tao?

Kinukondena ng NDFP at GRP sa CARHRIHL ang lahat ng mga paglabag at pang-aabuso sa mga karapatang-tao. Pinupuri nila ang mga nagreklamo o nagsampa ng kaso sa lahat ng matagumpay na pagdinig ukol sa mga karapatang-tao. Hinihikayat din nila ang lahat ng mga biktima o nakaligtas na mga pamilya at o kamag-anak na maghapag ng kanilang mga reklamo at ebidensya.



Nakasaad sa CARHRIHL na ang mga taong may pananagutan sa mga paglabag at pang-aabuso sa karapatang-tao ay dapat na sumailalim sa imbestigasyon at, kung sapat ang ebidensya, sa pag-uusig at paglilitis. Ang mga biktima o ang kanilang mga nakaligtas na pamilya ay dapat na pagkalooban ng bayad-pinsala. Lahat ng kinakailangang hakbang ay gagawin upang maalis ang mga kondisyong nagbubunsod sa mga paglabag at pang-aabuso ng karapatang-tao at upang mabigyan ng katarungan at bayad-pinsala ang mga biktima.


(Ikatlong Babagi: Paggalang sa mga Karapatang-tao; Artikulo 3 at 4)

18. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga biktima ng batas militar?

Ayon sa CARHRIHL, dapat igalang at suportahan ng NDFP at GRP ang mga karapatan ng mga biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng diktadurang rehimeng Marcos.

Sa pagsasakatuparan nito, dapat na isaalang-alang ng dalawang Partido ang pinal na husga ng *United States Federal Court System sa Human Rights Litigation Against Marcos* noong 1996, desisyon ng Korte Suprema ng Swiso noong 1997, Resolusyon Bilang 1640 ng Senado ng Pilipinas noong 1998 at mga kaukulang probisyon sa *International Covenant on Civil and Political Rights* ng 1966 at sa *UN Convention Against Torture* ng 1984.

Dagdag pa, nakasaad sa CARHRIHL na kung magkakaroon ng anumang setelment, o pag-aayos ng bayad-pinsala sa labas ng korte, ang GRP at ang mga awtorisadong kinatawan ng mga biktima ay gagawa ng kasulatan upang isakatuparan ang partikular na probisyon na ito ng CARHRIHL at gagabayan nito ang proseso upang makamit ang makatwirang hinihingi ng mga biktima





hinggil sa halaga at paraan ng kompensasyon sa pinakamakawatiran at pinakamabilis na paraan alinsunod sa kaugnay na desisyon ng Korte Suprema ng Swiso.

Sa kaso ng anumang setlement sa labas ng hurisdiksiyon ng US, lahat o mayorya ng mga nasabing biktima ay magtatakda ng kanilang representasyon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng abugado (*power of attorney*).

(*Ikatlong Babagi: Paggalang sa mga Karapatang-tao; Artikulo 5*)

19. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga bilanggong pulitikal?

Ayon sa CARHRIHL, ang GRP ay tatalima sa sarili nitong doktrina hinggil sa opensang pulitikal na inilatag sa kaso ng *Mamamayan vs. Hernandez* (Hulyo 1956), na pinalawig pa sa kaso ng *Mamamayan vs. Geronimo* (Oktubre 1956). Ang doktrinang *Hernandez* ay inilatag sa kaso laban sa patriyotikong si Amado V. Hernandez.

Ang mga desisyong ito ay umaayon sa prinsipyong ligal na tinatanggap ng pangkalahatan na ang lahat ng mga aksyong ginawa tungo sa isang pampulitikang layunin ay itinuturing na iisang opensang pulitikal.

Halimbawa, kung ang isang mamamayan ay lumahok sa pampulitikang kilusan at kasangkot sa armadong pakikibaka upang ibagsak ang kasalukuyang gobyerno o ang naghaharing sistema, lahat ng iba pa niyang hakbangin sa pagsusulong ng pampulitikang layunin ay kabilang sa ilalim ng kasong rebelyon na isang opensang pulitikal.

Hindi siya dapat arestuhin, sampahan ng kaso, ipiit o sentensiyahan para sa iba pang diumano'y iligal na gawain tulad ng iligal na pangangalaga ng armas, pagpatay, pangingidnap, panununog o anupamang karaniwang krimen maliban o dagdag pa sa kasong pulitikal na rebelyon. Dapat siyang itrato bilang “bilanggo ng konsensya o paniniwala” at hindi bilang isang karaniwang kriminal.

Nakasaad pa sa CARHRIHL ang agarang pagrerepaso ng GRP sa lahat ng mga kaso ng mga bilanggong pulitikal na inihabla, ikinulong o hinatulan





taliwas sa *doktrinang Hernandez* at kaagad silang palalayain.

(Ikatlong Bahagi: Paggalang sa mga Karapatang-tao; Artikulo 6)

20. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga mapanupil na batas, dikreto, utos-ehekutibo (*executive issuances*), at mga di-makatarungang desisyon ng korte ng GRP?



Ang GRP ay kikilos para sa kagyat na pagpapawalambisa sa anumang nananatiling mapaniil na batas, dikreto at iba pang utos-ehekutibo (*executive issuances*). Ang mga batas, dikreto at utos-ehekutibo ay ginagamit lamang upang supilin ang pampulitika at sibil na karapatan ng mamamayan.

Ang mga sumusunod na batas, dikreto at utos-ehekutibo ay kabilang sa mga dapat repasuhin ng GRP:

- a. *General Orders 66* at *67* na nagpapahintulot sa mga tsekpoynat at pangahalughog nang walang mandamiento o *search warrant*;
- b. *Presidential Decree 1866* na nagpapahintulot sa pagsampa ng kasong iligal na pangangalaga ng armas o pampasabog sa halip na, o dagdag pa, sa anumang kasong pulitikal na naisampa o isasampa pa laban sa isang indibidwal;

(Ito ay inamyendahan na ng *Republic Act 8294* ngunit sa praktika ay kaso pa rin ng iligal na pangangalaga ng armas ang isinasampa laban sa pinaghibinalaang mga rebelde, ordinaryong sibilyan na pinaghibinalaang nakikisimpatya sa mga rebelde o kabit sa mga masang aktibista.)

- k. *Presidential Decree 169* na sapilitang pinapag-ulat sa militar o pulisya ang mga manggagamot ukol sa kanilang mga pasyenteng may tama ng bala ng baril;

(Ito ay inamyendahan na ng *Executive Order 102* na nag-oobliga pa rin na mag-ulat sa *Municipal* o *City Health Officer*.)



d. *Batas Pambansa 880* na sumisiil at naghihigpit sa karapatan sa malaya at mapayapang pagtitipon dahil sa “*no permit, no rally*” na patakaran;

e. *Executive Order 129* na nagpapahintulot sa pwersahang demolisyon ng mga maralitang komunidad sa kalunsuran;

g. *Executive Order 264* na nagliligalisa sa paramilitar na *Citizen’s Armed Forces Geographical Unit* o CAFGU (na siyang kadalasan ay lumalabag sa karapatang-tao);

h. *Executive Order 272* na nagpapahaba sa pinahihintulutang tagal ng pagkakakulong nang walang kasong isinasampa sa korte (para sa mga paghuli na walang *warrant of arrest*);

i. *Memorandum Circular 139* na nagpapahintulot sa pagpataw ng mga blokeyo sa pagkain sa panahon ng mga “*counterinsurgency operation*”; at

l. *Administrative Order No. 308* na nag-eestabliha ng isang *national identification system* na nag-oobliga sa mamamayan na maghayag ng personal na impormasyon at sirkumstansya na lumalabag sa karapatan laban sa panghihimasok sa personal na katauhan.

Rirepasuhin din ng GRP ang umiiral na mga desisyon (*jurisprudence*) ng kanilang korte tulad ng:

a. *Umil vs. Ramos* na nagpapahintulot, sa mga kaso ng rebelyon o sedisyon, sa pag-aresto kahit walang *warrant of arrest* sa kahit na anong oras at kahit na ano pa man ang kanyang ginagawa dahil ang mga ito ay “*continuing offenses*”;

b. *Valmonte vs. De Villa* na nagpapahintulot sa pagtatayo at pagpapanatili ng mga tsekpoynat na pinapahintulutan ang paghahalughog nang walang *search warrant*;

k. *Guazon vs. De Villa* na pinapahintulutan ang mga pagsosona o *saturation drives* sa mga komunidad kung saan ang mga kabahayan at kabuhayan ay hinahalughog, ang mga ari-arian ay sinasamsam at ang mga residente ay iligal na hinuhuli nang walang *warrant*;

d. *Posadas vs. Court of Appeals* na nagpapahintulot sa pangangapak nang walang *warrant* sa isang tao dahil sa kahina-hinala niyang kilos;





e. *Baylous vs. Chavez* na nagpapahintulot sa pagsampa ng kasong ilegal na pangangalaga ng armas dagdag pa sa anumang naisampa nang kasong pulitikal (kahit na may kaugnayan ang diumanong pangangalaga ng armas sa pampulitikang paninindigan; ito ang tinatawag na kriminalisasyon ng mga opensang pulitikal na labag sa *doktrinang Hernandez*);

g. *Ilagan vs. Ponce-Enrile* na nawawalan ng saysay ang remedyo ng *habeas corpus* dahil ito ay idi-dismiss lamang kapag nasampahan na ng kaso ang akusado kahit na, sa una, ang pag-aresto at pagdetine ay ilegal (ang ilegal na pag-aresto at pagdetine ay nagiging ligal o nalulunasan ng mga kasong isinampa na pagkatapos ng pagka-aresto at pagkakulong);

(Ang habeas corpus ay isang ligal na remedyo upang kwestyunin ang ligal na batayan ng pagkaaresto at pagdetine ng isang akusado, na kung hindi mai-establisa ay nagbibigay ng karapatan sa kanyang agarang paglaya).

h. iba pang mga kasong katulad sa mga naunang nabanggit.

Ayon sa CARHRIHL, kinakailangang kumilos agad ang GRP upang magpatupad ng angkop na mga remedyo alinsunod sa mga layunin ng dalawang probisyon ukol sa mapaniil na batas, dikreto at utos-ehekutibo at sa mga di-makatarungang desisyon ng korte.

Mula nang magkabisang ang CARHRIHL, pinaalalahanan ang GRP na huwag nang gamitin ang mga mapaniil na mga batas, dikreto, utos-ehekutibo at mga desisyon ng korte upang ikutan o salungatin ang dalawang probisyong ito ng CARHRIHL.

(Ikatlong Bahagi: Paggalang sa mga Karapatang-tao; Artikulo 7 at 8)

21. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga gawain na maaring makapinsala, pangkalikasan o ibang kapinsalaan, at makasama sa buhay, kabuhayan at ari-arian ng mamamayan?



Inaatasan ng CARHRIHL ang NDFP at GRP na gumawa ng mga kongkretong hakbang upang pangalagaan ang buhay, kabuhayan at ari-arian ng mamamayan laban sa panghihimasok mula sa pagmimina, *real estate*, pagtotroso, turismo at iba pang katulad na proyekto at programa.

(Ikatlong Bahagi: Paggalang sa mga Karapatang-tao; Artikulo 9)



22. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL ukol sa mga saligang kolektibo at indibidwal na karapatan ng mamamayan?

Itataguyod ng NDFP at GRP ang mga saligang kolektibo at indibidwal na karapatan ng mga manggagawa, magbubukid, mamamalakaya, maralitang lunsod, manggagawang migrante, katutubo, kababaihan, kabataan, bata at iba pang mamamayan. Gagawa sila ng mga kongkretong hakbang upang matigil at maiwasan ang mga paglabag sa mga karapatang-tao, tiyaking ang mapatunayang nagkasala ay mapaparusahan, at mabigyan ng indemnipikasyon, rehabilitasyon, restitusyon ang mga biktima.

Dapat din silang magtaguyod at magsagawa ng mga kampanya sa mga pag-aaral sa karapatang-tao, reporma sa lupa, mas mataas na produksyon, kalusugan at sanitasyon, at iba pang kampanya na may panlipunang benepisyo sa mamamayan. Bibigyan nila ng pinakamalaking atensyon ang reporma sa lupa bilang pangunahing hakbang para matamo ang demokrasya at katarungang panlipunan.

(Ikatlong Bahagi: Paggalang sa mga Karapatang-tao; Artikulo 10 at 13)

23. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga obligasyon ng GRP na pangalagaan ang mga karapatan ng mga manggagawa?

Ayon sa CARHRIHL, dapat igitang ng GRP ang mga saligang karapatan ng mga manggagawa na ginagarantiyahan ng Internasyunal na Kumbensyon ng Paggawa ukol sa Kalayaan sa Asosasyon at Proteksyon sa Karapatang Mag-organisa (*International Labor Convention on Freedom of Association and Protection of the Right to Organize*) at ang mga pamantayang itinakda ng Internasyunal na Organisasyon sa Paggawa (*International Labor Organization*) ukol sa mga sumusunod:

- a. katiyakan sa trabaho;
- b. sahod at kondisyon sa pamumuhay;
- k. karapatang mag-unyon;
- d. medikal at sosyal na seguro;





e. karapatan ng mga kababaihang manggagawa sa benepisyo sa panganganak at laban sa diskriminasyon kumpara sa kalalakihang manggagawa; at

g. karapatan laban sa pagtatrabaho ng mga bata (*child labor*).

Nakasaad din sa CARHRIHL na dapat igalang ng GRP ang karapatan ng mga manggagawang migrante sa labas ng bansa alinsunod sa Internasyunal na Kasunduan ukol sa mga Karapatan ng mga Migranteng Manggagawa at Myembro ng Kanilang Pamilya (*International Convention on the Rights of Migrant Workers and Members of their Families*).

(*Ikatlong Babagi: Paggalang sa mga Karapatang-tao; Artikulo 11*)

24. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga obligasyon ng GRP na pangalagaan ang karapatan ng mga magbubukid na siyang bumubuo sa mayorya ng populasyon ng Pilipinas?

Inaatasan ng CARHRIHL ang GRP na dapat nitong igalang ang mga karapatan ng mga magbubukid na magbungkal ng lupa at magmay-ari ng lupang sinasaka nila. Ito ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng tunay na reporma sa lupa.

Dapat din igalang ng GRP ang mga karapatang anestral ng mga katutubong minoritya o mga katutubong mamamayan sa mga lugar na natukoy na pag-aaring publiko, at ang kanilang karapatan laban sa diskriminasyon sa lahi at etnidad.

Dapat din igalang ng GRP ang karapatan ng mga katutubong minoritya o mga katutubong mamamayan gayundin ng mga maralitang naghohomsted o mga setler sa mga lugar na pag-aaring publiko kung saan sila naninirahan at nagtatrabaho.

Dapat na igalang din ng GRP ang karapatan ng mga maralitang mamamalakaya na mangisda sa mga tubig ng Pilipinas.

Dapat na repasuhin agad ng GRP ang mga batas at iba pang kautusan nito na may kinalaman sa mga karapatan ng mga manggagawa at magbubukid na





nabanggit sa mga naunang bilang at agaran itong kikilos para sa kagyat na pagpapawalambisa sa mga batas na lumalabag sa mga nasabing karapatan.

(*Ikatlong Babagi: Paggalang sa mga Karapatang-tao; Artikulo 12*)

Hinggil Sa Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas

25. Ano ang internasyunal na makataong batas?

Ang internasyunal na makataong batas (*international humanitarian law* o IHL) ay binubuo ng mga prinsipyo, alituntunin at pamantayan na naghahangad na limitahan ayon sa batayang makatao ang mga epekto ng armadong tunggalian. Ang internasyunal na makataong batas ay tinatawag ding “mga alituntunin sa digmaan” o “batas ng armadong tunggalian”.



Sumasaklaw ito sa dalawang larangan: ang pagbibigay proteksyon sa mga sibilyan o hindi kalahok, at di na kalahok (o wala na sa kapasidad na lumahok), sa armadong labanan; at ang pagtatakda ng mga restriksyon sa mga anyo at pamamaraan ng pakikidigma.

Nakapaloob dito ang mga unibersal na prinsipyo at pamantayan na nakasaad sa mga internasyunal na tratado o kumbensyon na pinagkaisahan ng mga estado sa daigdig at itinataguyod ng ilang mga partido o organisasyong kalahok sa mga armadong labanan. Kabilang sa mga tratado o kumbensyong ito ang *Geneva Conventions of 1949* at ang *Additional Protocols of 1977*.

26. Bakit kailangan pang isama ang IHL sa CARHRIHL gayong ang mga internasyunal na kumbensyon naman ay maaaring iangkop o maging aplikable sa nagaganap na armadong tunggalian sa bansa?

Ang internasyunal na makataong batas ay maaaring aplikable sa pangkalahatan sa lahat ng internasyunal at di-internasyunal na armadong tunggalian. May CARHRIHL man o wala, ang armadong tunggalian sa pagitan ng NDFP at GRP ay saklaw ng internasyunal na makataong batas.



Parehong nakita ng NDFP at GRP ang pangangailangang magkaroon ng kasunduan hinggil sa internasyunal na makataong batas upang muling pagtibayin ang kanilang komitment sa batas ng armadong tunggalian sa kondukta ng armadong labanan. Mahalaga ito lalunat nagpapatuloy ang negosasyong pangkapayapaan, hindi pa nalulutas ang mga ugat ng armadong tunggalian, at nagpapatuloy pa rin ang labanan.

Kailangan rin ilapat ang internasyunal na makataong batas sa partikular na kalagayan ng bansa. May mga partikular na sitwasyong maaaring hindi direktang nasasaklaw ng internasyunal na makataong batas tulad ng pagbuo at paggamit ng GRP ng mga panatikong grupong paramilitar para sa pakikidigma laban sa mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa.

Niratipika ng GRP ang *Geneva Conventions of 1949* noong 1952 at ang *Protocol II* noong 1986 sa panahon ni Corazon Aquino. Kahit hindi pa nito niraratipika ang *Protocol I*, ang GRP ay nasasaklaw na ng *Protocol* dahil ang internal na armadong tunggalian ay nagkaroon na ng internasyunal na anyo kung saan ang GRP ang isang partido sa gyera sibil.

Ang NDFP ay nagpahayag ng kanyang pagtalima sa internasyunal na makataong batas, kabilang ang *Protocol II*, noong Agosto 15, 1991. Isinumite nito ang kanyang pormal na deklarasyon ng pagtalima sa *Geneva Conventions* at sa *Protocol I* noong Hulyo 5, 1996 sa *Swiss Federal Council* bilang opisyal na tagapag-ingat ng *Geneva Conventions* at mga *Protocol*.

Muling pinagtitibay ng NDFP at GRP sa CARHRIHL ang kanilang komitment sa pagtalima at pagpapailalim sa mga pangkalahatang alituntunin ng internasyunal na makataong batas.

(Ikaapat na Bahagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 1)

27. Kanino aplikable ang mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas?

Ang mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas ay aplikable sa mga sumusunod:

- a. mga sibilyan o mga taong hindi aktibong kalahok sa mga hostilidad;
- b. mga myembro ng mga armadong pwersang sumuko na o nagbaba na ng kanilang armas;



k. mga nalagay sa katayuang *bors de combat* (wala na sa katayuang lumaban) dahil sa sakit, sugat o anumang kadahilanan;

d. mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian; at,

e. mga kamag-anak at awtorisadong kinatawan ng mga taong nabanggit sa itaas.



(Ikaapat na Babagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 2)

28. Anu-anong mga gawain o hakbang ang ipinagbabawal ng CARHRIHL na gawin sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon ng internasyunal na makataong batas?

Ang mga sumusunod na akto o gawain ay ipinagbabawal at mananatiling bawal kahit kailan at kahit saan kaugnay ng mga tao na tinukoy sa bilang 27:

a. karahasan sa buhay at pagkatao, partikular ang pagpatay o pamiminsala, pagpapailalim sa pisikal at *mental torture*, mutilasyon, mabigat na pagpaparusa, malupit o mapang-abang pagtrato at lahat ng anupamang karahasan at paghihiganti, kasama ang pagkuha ng *hostage* at mga akto laban sa pisikal na kagalingan, dignidad, paniniwalang pampulitika at iba pang mga karapatang-tao;

b. pagpapanagot sa sinuman para sa aktong hindi naman niya ginawa at pagpaparusa sa sinuman na hindi sinusunod ang lahat ng rekisito ng karampatang proseso;

k. pag-oobliga sa mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian, na maghayag ng impormasyon liban sa kanilang identidad;

d. desekrasyon o hindi paggalang sa labi ng mga namatay sanhi ng armadong tunggalian o namatay habang sila ay nakabilango, at paglabag sa tungkuling kagyat na ibigay ang nasabing labi sa kanilang pamilya o bigyan ang mga ito ng disentang libing;



e. hindi pag-uulat ng identidad, personal na kalagayan at sirkumstansya ng isang taong pinagkaitan ng kanyang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian sa mga Partido para magampanan nila ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa ilalim ng Kasunduang ito at sa ilalim ng internasyunal na makataong batas;

g. hindi pagkilala sa karapatan ng kamag-anak at mga awtorisadong kinatawan ng isang taong pinagkaitan ng kanyang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian na alamin kung ang tao ay nasa pangangalaga o nakakulong, mga dahilan ng pagkakakulong, sa anong mga sirkumstansya ang taong nasa pangangalaga ay nakakulong, at tuwirang humiling o sa pamamagitan ng mga intermedyaryong kapwa katanggap-tanggap para sa maayos at kagyat niyang paglaya;

h. mga gawi na nagdudulot o nagpapahintulot sa sapilitang pagpapalikas o sapilitang rekonsentrasyon ng mga sibilyan, maliban kung kinakailangan dahil sa seguridad ng mga sibilyang nasasangkot o dahil sa di-maiiwasang mga kadahilanang militar; ang paglitaw at pagdami sa loob ng bansa ng mga pamilya at komunidad na napalayas sa kanilang lugar; at ang pagkawasak ng mga buhay at ari-arian ng populasyong sibilyan;

i. pagmimintina, pagsuporta at pagkunsinti sa mga grupong paramilitar tulad ng mga armadong grupong relihiyoso-panatiko, mga grupong vigilante, mga pribadong armadong grupo ng mga negosyante, ng mga panginoong maylupa at mga pulitiko, at ng mga pribadong ahensya sa seguridad na ginagamit sa mga gusot sa lupa at paggawa at sa mga panghihimasok na tinutukoy sa Artikulo 9, Ikatlong Bahagi ng Kasunduang ito; at

l. pagpapahintulot sa paglahok ng sibilyan o mga sibilyang opisyal sa operasyong militar sa larangan at kampanyang militar.

(Ikaapat na Bahagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 3)

29. Kailan o sa anong mga kalagayan ipatutupad ang mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas?

Ang mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas ay ipatutupad at mangangalaga sa mga karapatan ng mga tao, entidad o bagay na sangkot o apektado sa alinman sa mga kaso o sitwasyong nasa ibaba:




a. Ang mga taong wala na sa katayuang lumaban (*bors de combat*) at ang mga hindi tuwirang kalahok sa mga hostilidad ay may karapatan sa paggalang sa kanilang buhay, dignidad, mga karapatang-tao, mga paniniwalang pampulitika, at moral at pisikal na integridad, at pangangalagaan sa lahat ng sirkumstansya at makataong itatrato nang walang pagtatangi batay sa lahi, kulay, paniniwala, kasarian, kapanganakan, katayuang panlipunan o anumang katulad na pamantayan.

b. Ang mga sugatan at maysakit ay titipunin at aalagaan ng partido sa armadong tunggalian na nangangalaga o may responsibilidad sa kanila.

k. Ang mga nyutral na tao o entidad at tauhang medikal, kabilang ang mga makatao at/o organisasyong medikal tulad ng

International Committee of the Red Cross (ICRC), ay pangangalagaan at igagalang. Ang mga establisyemento, pasilidad, sasakyan at kagamitan ng mga tao, entidad at organisasyong ito; ang mga bagay na may sagisag na krus na pula (*red cross*) at ng watawat ng mapayapang intensyon; at mga istorikong monumento, mga bagay na pangkultura at mga lugar ng pagsamba ay pangangalagaan din.



d. Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at itatangi sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi dapat atakihin. Sila ay pangangalagaan din laban sa walang-habas na pambobomba mula sa himpapawid, istraping, panganganyon, pagmomortar, panununog, pambubuldoer at iba pang katulad na anyo ng pagwasak sa mga buhay at ari-arian, paggamit ng mga pampasabog gayundin ang pag-imbak ng mga ito malapit o mismo sa kinalalagyan ng mga sibilyan, at sa paggamit ng mga sandatang kemikal at bayolohikal.

e. Ang mga sibilyan ay may karapatang igiit ang angkop na mga aksyong pandisiplina laban sa mga pang-aabusong lumilitaw mula sa di pagtalima ng mga Partido sa armadong tunggalian sa mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas.

g. Lahat ng taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian ay makataong itatrato, bigyan ng sapat na



pagkain at inuming tubig at pagkalooban ng mga panananggalang (*safeguards*) kaugnay ng kalusugan at kalinisan, at ilagay sa ligtas na lugar. Sapat na impormasyon ang ibibigay ukol sa mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan. Batay sa makatao at iba pang makatwirang batayan, sila ay ikokonsidera para sa ligtas na paglaya.

h. Ang ICRC at iba pang makatao at/o entidad na medikal ay tutulungan para magawa nilang mangalaga sa mga maysakit at sugatan at maipatupad nila ang kanilang makataong misyon at mga aktibidad.

i. Ang mga tauhan at pasilidad ng mga paaralan, propesyong medikal, institusyong relihiyoso at lugar ng pagsamba, mga boluntaryong sentro ng ebakwasyon, mga programa at proyektong panaklolo at kaunlaran ay hindi dapat maging target ng anumang atake. Gagarantiyahan ang kaligtasan ng mga tauhan ng mga nasabing entidad.

l. Ang lahat ng posibleng hakbang ay gagawin, nang walang antala, para hanapin at tipunin ang mga sugatan, maysakit at nawawalang mga tao at pangalagaan sila mula sa anumang pananakit at masamang pagtrato, tiyakin ang sapat na pag-aalaga sa kanila at para hanapin ang mga namatay, iwasan ang pagkaagnas at mutilasyon at mailibing nang may paggalang.

*(Ikaapat na Bahagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas;
Artikulo 4)*

30. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga paglabag sa internasyunal na makataong batas sa Pilipinas?

Sa CARHRIHL kinukundena ng NDFP at GRP ang lahat ng mga paglabag sa





internasyunal na makataong batas. Hinihikayat ng mga ito ang lahat ng mga biktima ng mga nasabing paglabag o ang kanilang mga kamag-anak na maghapag ng kanilang mga reklamo at ebidensya.

Tinatakda rin sa CARHRIHL na ang lahat ng taong may pananagutan sa paglabag sa internasyunal na makataong batas ay ipasasailalim sa imbestigasyon at, kung may sapat na ebidensya, sa pag-uusig at paglilitis. Ang mga biktima o ang kanilang mga naiwan ay pagkakalooban ng bayad-pinsala. Isasagawa ang lahat ng mga kinakailangang hakbang upang maalis ang mga kundisyong nagbubunsod sa ganitong mga paglabag at upang mabigyang katarungan at makapagbayad-pinsala sa mga biktima.

Ang NDFP at GRP ay inaatasan din na magtaguyod at maglunsad ng mga kampanyang edukasyon hinggil sa internasyunal na makataong batas, laluna sa hanay ng mga mamamayang direktang lumalahok sa armadong tunggalian at sa mga lugar na apektado ng tunggalian.

(Ikaapat na Babagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 5, 6 at 14)

31. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa sapolitang pagpapalikas?

Itinatakda ng CARHRIHL na ang GRP ay dapat repasuhin at gumawa ng mga hakbang para baguhin ang mga patakaran, batas, programa, proyekto, kampanya at gawi na nagdulot o nagpahintulot sa sapolitang pagpapalikas at rekonsentrasyon ng mga sibilyan, ng paglitaw at pagdami sa loob ng bansa ng mga pamilya at komunidad na pinalikas mula sa kanilang lugar at ng pagkawasak ng mga buhay at ari-arian ng sibilyang populasyon.

(Ikaapat na Babagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 7)

Ang mga pamilya at komunidad sa loob ng bansa na pinalayas mula sa kanilang lugar ay may karapatang bumalik sa kanilang paninirahan at kabuhayan, igiit ang lahat ng posibleng tulong na kailangan para makabalik sila sa kanilang normal na pamumuhay at mabayaran sa mga pinsalang natamo dahil sa pagkasugat o pagkamatay.

(Ikaapat na Babagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 9)





32. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga grupong paramilitar?

Ayon sa CARHRIHL, dapat ipagpatuloy ng GRP ang pagrepaso sa patakaran o gawi nito ng pagbubuo, pagmimintina, pagsuporta o pagpapahintulot sa mga pwersang paramilitar tulad ng *Citizen's Armed Forces Geographical Units* (CAFGUs) at *Civilian Volunteers' Organizations* (CVOs) o anupamang katulad na grupo.


(Ikaapat na Bahagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 8)



33. Ano ang paninindigan ng CARHRIHL hinggil sa mga kababaihan at mga bata na nasa lugar na may labanan?

Isinasaad sa CARHRIHL na ang NDFP at GRP ay dapat magbigay ng espesyal na atensyon sa kababaihan at mga bata para tiyakin ang kanilang pisikal at moral na integridad. Ang mga bata ay hindi pahihintulutang lumahok sa mga hostilidad.

(Ikaapat na Bahagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 10)



34. Anu-ano ang mga karapatan at katungkulan ng mga grupong medikal, relihiyoso at makatao, na nakasaad sa CARHRIHL?

Itinatakda sa CARHRIHL na ang mga grupong medikal, relihiyoso at iba pang makataong organisasyon at ang kanilang mga tauhan ay hindi dapat gagampan ng ibang tungkulin na makasasama sa alinmang Partido. Hindi rin sila maaaring piliting gumampan ng mga tungkuling hindi umaayon sa kanilang makataong tungkulin. Sa kahit anong pagkakataon ay hindi maaaring parusahan ang sinumang nagpatupad ng mga aktibidad medikal alinsunod sa mga prinsipyo ng mga etikang medikal, kahit sinupaman ang nakikinabang mula sa nasabing mga aktibidad medikal.

(Ikaapat na Bahagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 11)



35. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa mga kampong militar?

Isinasaad sa CARHRIHL na ang sibilyang populasyon ay may karapatang mapangalagaan laban sa mga panganib at bantang nagmumula sa pagkakaroon ng mga kampong militar sa mga sentrong urban at iba pang matataong lugar.


(Ikaapat na Bahagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 12)



36. Ano ang sinasabi ng CARHRIHL hinggil sa badyet ng militar?

Ayon sa CARHRIHL, kinikilala ng mga Partido ang karapatan ng mamamayan na igiit ang pagbabawas sa mga gastusing militar at ang mga natipid mula sa naturang pagbabawas ay ibabaling tungo sa kaunlarang panlipunan, pang-ekonomya at pangkultura na siyang bibigyan ng pinakamataas na prayoridad.

(Ikaapat na Bahagi: Paggalang sa Internasyunal na Makataong Batas; Artikulo 13)



Hinggil Sa mga Pinal na Probisyon ng CARHRIHL


37. Ano ang kahalagahan ng mga pinal na probisyon ng CARHRIHL?

Sa mga Pinal na Probisyon ng CARHRIHL muling idiniin ang mga sumusunod na batayang prinsipyo ng negosasyong pangkapayapaan:

Una, ang mga Partido ay patuloy na aako ng magkahiwalay na tungkulin at responsibilidad sa pagtataguyod, pangangalaga at pagpapalaganap ng karapatang-tao at mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas ayon sa kani-kanyang pampulitikang prinsipyo, organisasyon at sirkumstansya hanggat tuluyan na nilang makamit ang pinal na resolusyon ng armadong tunggalian.



Pangalawa, kinikilala ng mga Partido ang kaangkupan ng mga prinsipyo ng karapatang-tao at mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas at ang tuluyang bisa ng mga obligasyon na ibinubunsod ng mga nasabing prinsipyo.



Panghuli, nilinaw ng mga Partido na walang anumang probisyon sa CARHRIHL o di kaya sa aplikasyon nito ang makakaapekto sa pampulitika at ligal na katayuan ng mga Partido ayon sa *The Hague Joint Declaration*. Sumasang-ayon din ang mga ito na ang CARHRIHL ay sasailalim sa *Comprehensive Agreements on Political and Constitutional Reforms at sa End of Hostilities and Disposition of Forces*. Kapwa nila pinanindigan na anumang nakasaad sa CARHRIHL na pagtukoy sa mga tratadong pinirmahan ng GRP sa mga batas at ligal na mga proseso nito ay hindi makakaapekto sa pampulitika at pang-organisasyong integridad ng NDFP.

(Ikaanim na Babagi: Mga Pinal na Probisyon)

Hinggil Sa Pagpapatupad ng CARHRIHL

38. Paano ipatutupad ang CARHRIHL?

Sa pagpapatupad ng CARHRIHL, ang dalawang Partido ay may obligasyon na isabalikat ang kanilang magkahiwalay na tungkulin at responsibilidad na itaguyod, pangalagaan at ipalaganap ang mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Isasagawa ito alinsunod sa kani-kanyang pampulitikang prinsipyo, organisasyon at sirkumstansya.



Pinakasaligan sa mga tungkuling ito ang paglulunsad ng mga kampanyang edukasyon hinggil sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas sa sariling pwersa at sa malawak na masa ng sambayanan. Lalamnin nito ang mga paksa hinggil sa reporma sa lupa, pagpapataas ng produksyon, kalusugan at kalinisan at iba pa na may panlipunang pakinabang ang mamamayan.



39. Paano isinasakatuparan ng NDFP ang mga obligasyon nito sa CARHRIHL?

Matapos pirmahan ang dokumento, agarang ipinatupad ng NDFP ang mga obligasyon nito sa ilalim ng CARHRIHL. Alinsunod sa NDFP Deklarasyon ng Pagsang-ayon sa CARHRIHL (*NDFP Declaration of Approval of the Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law*) na pinirmahan ni Kasamang Mariano Orosa, Tagapangulo ng Pambansang Konseho ng NDFP noong April 10, 1998, ang CARHRIHL ay naging bahagi na ng ligal at panghukumang sistema ng kilusang rebolusyunaryo.

Bago pa man ang CARHRIHL, ang NDFP ay nagtataguyod, gumagalang at nagpapalaganap na ng mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas alinsunod sa mga saligang prinsipyo na sinasalamin ng mga sumusunod na kalipunan ng mga patakaran at alituntunin:



- a. Gabay sa Pagtatayo ng Demokratikong Pamahalaang Bayan kung saan nakasaad ang mga probisyon hinggil sa Mga Batayang Karapatan at Tungkulin ng Mamamayan (Ikatlong Bahagi) at ang Hukumang Bayan (Ikatlong Kabanata ng Ikalawang Bahagi);
- b. Ang Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa;
- k. Ang Mga Batayang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) kung saan nakasaad ang Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina at ang Walong Puntong Dapat Tandaan ng mga opisyal at kasapi ng BHB;
- d. Memorandum Hinggil sa Minimum na Rekisitong Edad para sa mga Mandirigma ng BHB mula sa Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP);
- e. Mga Tuntunin sa Pagsisiyasat at Pag-uusig sa mga Pinaghihinalaang Espiyang Kaaway na pinalabas ng Politburo ng Komite Sentral ng PKP;
- g. Mga patakaran at proseso sa paghuli, pagtrato, paglilitis, pagpaparusa o pagpapalaya ng mga bihag ng digma (*prisoners of war* o POWs); mga lumabag sa karapatang-tao, at iba pa.



Naglunsad ang NDFP ng mga kampanyang edukasyon hinggil sa CARHRIHL sa mga pwera nito. Nagkaroon ng mga pagsasalin ng CARHRIHL sa wikang Pilipino, Cebuano at Ilokano at malawak na naipalaganap at nakapagkondukta ng mga pag-aaral ukol sa mga babasahing ito sa hanay ng masang organisasyon at sa mga taong nasa nasasakupang teritoryo at maging sa mga alyado. Ang CARHRIHL ay kabilang na sa mga saligang dokumentong pinag-aaralan sa PKP, BHB, mga rebolusyunaryong pangmasang organisasyon at mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

Bilang bahagi ng komitment nito sa pagtataguyod ng internasyunal na makataong batas, ang NDFP noong Hulyo 5, 1996 ay unilateral na idineklara ang pagtalima nito sa *Geneva Conventions of 1949 at Protocol I of 1977*. Nauna pa rito, noong Agosto 15, 1991, ang NDFP ay unilateral na idineklara ang pagtalima nito sa *Protocol II* sa pamamagitan ng *Declaration of Adherence to International Humanitarian Law* na pinirmahan ni Kasamang Manuel Romero.

Tuluy-tuloy na napatutunayan ng NDFP ang komitment nito sa paggalang sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Bukod pa sa mga kampanyang edukasyon, ang NDFP ay aktibong nag-iimbestiga sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao at nagbibigay ng hustisya sa mga biktima. Iginagalang at ipinagtatanggol nito ang mga sibilyan, gayundin ang kanilang mga ari-arian at kabuhayan, laban sa mga bandido at sa mga mapang-abusong pwera ng AFP, pulis at mga paramilitar.

Sa larangan ng digmaan, ang BHB ay nagbibigay ng medikal na lunas sa mga sugatan at pinangangalagaan nito ang karapatan ng mga bihag ng digma at makatao silang tinatrato. Makailang ulit na ring nagpalaya ang NDFP ng mga bihag ng digma sa makataong kadahilanan at kumikilos para siguruhing maayos at ligtas ang kanilang paglaya. Nakikipag-ugnayan ito sa ICRC sa bagay na ito. Mahigpit na sumusunod ang NDFP sa mga internasyunal na kumbensyon sa minimum na rekisitong edad sa pagrerekrut ng BHB, sa tamang paggamit ng mina, at sa pagtrato sa mga medikal, relihiyoso at makataong organisasyon.

40. Ano ang mga kagyat na obligasyon ng GRP bilang pagtupad nito sa komitment sa CARHRIHL?

Nilalaman ng CARHRIHL ang mga probisyon na dapat ay kagyat na isakatuparan ng GRP. Kailangang tumbasan ng GRP ang mga independyenteng



hakbang na isinagawa na ng NDFP sa pagpapatupad ng CARHRIHL. Ang mga sumusunod na matagal nang mga kahilingan ng mamamayan ay ilan lang sa mga kagyat na obligasyon ng GRP na isinasaad sa CARHRIHL:

a. pag-aruga, rehabilitasyon at indemnipikasyon sa mga biktima ng mga malawakang operasyong militar, laluna ang mga tao, pamilya at komunidad na pinalayas sa kanilang lugar (*internally displaced persons, families and communities*);

b. indemnipikasyon sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng diktadurang Marcos;

k. pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal na inakusahan at nakadetina nang labag sa *doktrinang Hernandez*;

d. pagpapawalambisa sa mga mapanupil na batas, dikreto at utos-ehekutibo, gayundin sa mga desisyon ng korte na pawang lumalabag sa karapatang-tao;

e. pag-imbestiga, pag-aresto at pagpaparusa sa mga lumabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas;

g. pagtaguyod at pangangalaga sa mga karapatan ng mga manggagawa alinsunod sa mga internasyunal na kumbensyon at tratado;

h. pagtaguyod at pangangalaga sa mga karapatan ng mga magbubikid, etnikong minorya o mga katutubong mamamayan, at mga mahirap na mamamalakaya;

i. pagbawi at pagpapawalambisa sa mga patakarang batas na nagpapahintulot sa sapilitang ebakwasyon, blokeyo sa pagkain, at iba pa;

l. pagbawi ng mga patakarang batas at gawain sa pagbubuo ng mga CAFGUs, CVOs at iba pang mga grupong paramilitar.





III. Ang Joint Monitoring Committee (JMC)



41. Ano ang JMC?

Ang JMC ay ang mekanismong itinayo ng CARHRIHL upang i-monitor ang implementasyon ng Kasunduan.

Ang JMC ay binubuo ng tigatlong kagawad mula sa NDFP at GRP. Gayundin, ang NDFP at GRP ay humirang ng tigalawang kinatawan mula sa mga organisasyon ng karapatang-tao na uupo sa JMC bilang tagamasid o *observers* at naglilingkod ayon sa kasiyahan ng Partidong humirang sa kanila.

Ang kapwa-tagapangulo ng JMC ay mga kinatawan mula sa NDFP at GRP. Sila ay nagsisilbi bilang punong kinatawan ng mga Partido at gagampan bilang tagapagpadaloy sa mga pulong nito. Ang mga tagamasid ay maaaring dumalo sa mga pulong at makilahok sa usapan ngunit wala silang karapatang bumoto.

Ang mga kagawad ng JMC at mga tagamasid ay sinasaklawan ng mga garantiya sa kaligtasan at imyunidad na itinakda ng JASIG.

Pinagtibay ng NDFP at GRP noong Pebrero 14, 2004 ang *Operational Guidelines for the Joint Monitoring Committee* sa harap ng kinatawan ng *Royal Norwegian Government*. Ang JMC ay pormal na natipon noong Abril 1, 2004 sa harap rin ng kinatawan ng *Royal Norwegian Government*.

(Ikalimang Bahagi: Joint Monitoring Committee; Artikulo 1, 2 at 4)



42. Sinu-sino ang mga kasalukuyang kagawad ng JMC?

Hinirang ng NDFP si Kasamang Fidel Agcaoili bilang Tagapangulo at sina Kasamang Coni Ledesma at Danilo Borjal bilang mga kagawad ng NDFP sa *Joint Monitoring Committee*. Hinirang din ng NDFP sina Marie Hilao-Enriquez ng KARAPATAN at si Obispo Tomas Millamena ng Iglesia Filipina Independiente bilang mga tagamasid nito sa JMC.

Hinirang naman ng GRP si Atty. Carlos Medina bilang Tagapangulo at sina Atty. Edgardo Gayos at Atty. Robert Larga bilang mga kagawad ng GRP sa *Joint Monitoring Committee*. Hinirang sina Mercedes Contreras-Danenberga at Mary Aileen Bacalso bilang mga tagamasid nito sa JMC.

43. Anu-ano ang mga partikular na gawain ng JMC?

Itinatakda ng CARHRIHL na ang mga kapwa-tagapangulo ng NDFP at GRP ay tatanggap ng mga reklamo ng diumano'y paglabag ng karapatang-tao at internasyunal na makataong batas at lahat ng kaukulang impormasyon at magsasagawa ng mga kahilingan o rekomendasyon para sa implementasyon ng Kasunduan.

Kapag nagkaroon ng konsensus, ang JMC ay hihiling sa Partidong inireklamo na imbestigahan ang reklamo at gagawa ng mga rekomendasyon. Sa pamamagitan din ng konsensus, ang JMC ay mag-uulat at magrerekomenda ukol sa gawain nito sa mga Partido.


Ayon sa *Operational Guidelines for the Joint Monitoring Committee*, ang ibig sabihin ng salitang konsensus ay ang hayag na pagsang-ayon o pag-apruba ng lahat ng mga kagawad mula sa mga Partido sa JMC.

(*Ikalimang Bahagi: Joint Monitoring Committee; Artikulo 3*)

44. Ano ang ibig sabihin ng imbestigasyon?

Ang tanging pakahulugan ng salitang imbestigasyon ay ang pangangalap ng mga datos at mga *fact finding activities* tulad ng pagbisita sa lugar o *on-site visitations*, *ocular inspections*, mga panayam at kahalintulad na mga aktibidad na ang tanging layunin ay matunton ang mga katibayan sa isang walang-kinikilingan at obhetibong pamamaraan.

(*Operational Guidelines for the Joint Monitoring Committee, February 14, 2004; Bilang 3.1 ng Ikatlong Bahagi*)





45. Kailan at saan nagpupulong ang JMC?

Ang JMC ay kailangang regular na magpulong kada-tatlong buwan at magkaroon ng mga ispesyal na pulong kung napagpasiyahan ng kapwa-tagapangulo na kinakailangan dahil sa isang kagyat na usapin o reklamo at may ispesipikong adyenda na inaprubahan nila. Ang mga pulong ay isasagawa sa Pilipinas o sa iba pang lugar na mapagkasunduan ng mga Partido o ng kapwa-tagapangulo ng JMC.

Nagkaroon ng unang pormal na pagpupulong ang JMC noong Abril 1, 2004. Nagkaroon muli ito ng pagpupulong noong Abril 15, 2004 para pormal na buuin ang *Joint Secretariat* (JS) nito.

(Ikalimang Babagi: Joint Monitoring Committee; Artikulo 3 at Operational Guidelines for the Joint Monitoring Committee; Bilang 4.5 ng Ikaapat na Babagi)

46. Gaano katagal gagampan ng gawain ang JMC?

Ang JMC ay dapat binuo nuon pang Agosto 7, 1998 nang magkabisa ang CARHRIHL alinsunod sa itinakda ng Kasunduan. Tatagal ito hanggat hindi nilulusaw ng alinmang Partido sa pamamagitan ng pagpapadala sa kabilang Partido ng isang nakasulat na abiso ng pagkakalusaw na magkakabisa matapos ang tatlumpung araw mula sa opisyal na pagkatanggap nito. Ang paglusaw sa JMC ay hindi nangangahulugang pagbitaw ng mga Partido sa mga karapatan at tungkulin nito sa CARHRIHL at sa mga prinsipyo at pamantayan ng karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

(Ikalimang Babagi: Joint Monitoring Committee; Artikulo 6 at Operational Guidelines for the Joint Monitoring Committee; Ikapitong Babagi)



IV. Ang Joint Secretariat (JS) ng JMC



47. Ano ang JS ng JMC?

Ang *Joint Secretariat (JS)* ng JMC ay ang *staff support* ng JMC. Ang pagbubuo nito ay pinagtibay sa CARHRIHL at sa *Operational Guidelines for the Joint Monitoring Committee*.

Sa simula, ang JS ay kinabibilangan ng tig-limang independyenteng nominado ng NDFP at GRP na maglilingkod ayon sa kasiyahan ng Partidong humirang sa kanila.

Ang mga kagawad ng JS ay sinasaklawan ng mga garantiya sa kaligtasan at imyunidad na itinakda sa JASIG.

Ang *Joint Secretariat* ay pormal na binuo noong Abril 15, 2004.

(Ikalimang Bahagi: Joint Monitoring Committee; Artikulo 5)

48. Ano ang gawain o responsibilidad ng JS?

Magbibigay ang JS ng teknikal at administratibong suporta sa JMC sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga reklamo at ulat ng mga diumano'y paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas laban sa alinmang Partido, laluna sa mga ispesipikong probisyon ng CARHRIHL, at ipaabot ang mga ito sa kani-kanyang Partido o *Monitoring Committee* para sa kaukulang hakbang o tugon.

**49. Saan at anong oras at araw bukas ang tanggapan ng JS?
Paano ito makokontak?**

Ang JS ay may tanggapan sa *6th Floor, Immaculate Conception Multi-Purpose Bldg., 41 Lantana St., Cubao, 1111 Quezon City.*

Mayroong hotline na (02) 725-2072 na maaaring tawagan araw-araw (pati ang Sabado, Linggo at mga Piyesta Opisyal) mula 8:00 n.u. - 8:00 n.g. Ang telepono ng NDFP-JS ay (02) 725-1457 na nagsisilbi ring *fax line* at ang *email address* ay ndfp_jsection@yahoo.com.

Ang telepono ng GRP-JS ay (02) 725-4621 at ang *fax line* ay (02) 725-3430 habang ang *email address* ay info@grpmc-jmc.org. Bukas ang tanggapan ng JS mula alas 8:00 n.u. hanggang alas 5:00 n.h., Lunes hanggang Biyernes.

50. Sino ang maaaring magsumite ng reklamo sa JMC sa pamamagitan ng JS?

- a. ang biktima;
- b. mga kamag-anak ng biktima;
- k. awtorisadong kinatawan; at/o
- d. kahit sinong interesadong partido.

51. Sino ang maaaring maging mga awtorisadong kinatawan?

- a. *human rights groups*;
- b. *peace advocacy groups*;
- k. taong simbahan;
- d. miyembro ng midya;
- e. mga personal na kinatawan o kamag-anak ng biktima; at
- g. sinumang may kakayahang magsampa ng reklamo para sa biktima o kamag-anak ng biktima.





52. Anu-anong mga paglabag ng karapatang-tao at internasyunal na makataong batas ang maaaring isumite sa JMC sa pamamagitan ng JS?

Mga paglabag ng karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, laluna iyong mga nakasaad sa CARHRIHL.

53. Paano isusumite o idudulog ang reklamo sa JMC sa pamamagitan ng JS?

Anumang reklamo ng diumano'y paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas ay maaaring isumite sa JMC sa pamamagitan ng JS sa anumang porma (sulat, *factsheet*, reklamo, atbp) at sa anumang pamamaraan (telepono, *fax*, sulat, atbp).

Ang salaysay ng pangyayari ng diumano'y paglabag ay ilalagay sa porma ng reklamo (ng NDFP o GRP) ng biktima, kamag-anak o awtorisadong kinatawan o sinumang interesadong partido, kasama ang mga kagawad ng JS. Ang salaysay ng pangyayari ng diumano'y paglabag at lahat ng kaukulang dokumento ay maaaring ipahatid, ipadala o isumite

- a) sa opisina ng JS o sa kaukulang Seksyon (NDFP o GRP) ng JS, o
- b) direkta sa *Monitoring Committee* (MC) ng kaukulang Seksyon (NDFP o GRP) ng JMC.

54. Anu-ano ang mga rekisito sa pagsusumite at pagsasampa ng mga reklamo o impormasyon?

Anumang simple at malinaw na salaysay ng pangyayari ng diumano'y paglabag o ng insidente o isang *factsheet* ay sapat nang maging batayan ng reklamo at upang mapagsimulan ng JMC ng imbestigasyon o aksyon. Ito at iba pang kaukulang dokumento ay maaaring ipahatid, ipadala o isumite sa opisina ng JS o sa kaukulang Seksyon (NDFP o GRP) ng JS.

55. Ano ang dapat nilalaman ng salaysay ng pangyayari o *factsheet*?

Ang mga batayang impormasyon ng insidente tulad ng:

- a. Sino ang biktima?
- b. Ano ang paglabag o aling mga probisyon ng CARHRIHL ang nilabag?



k. Sinu-sino ang diumano'y may kagagawan ng paglabag?

Tandaan: Dapat masagot hanggat maaari ang “A-S-Sa-Ka-Pa-Ba?” o ang Ano, Sino, Saan, Kailan, Paano at Bakit, ng insidenteng inirereklamo.

56. Maaari rin bang magsumite ng iba pang dokumento at ebidensiya?

Oo. Kung ang mga kaukulang dokumento ng insidente ay nasa pangangalaga ng nagrereklamo, mainam na maisumite ang kopya nito kasabay ng maikli ngunit malinaw na salaysay ng pangyayari o *factsheet*. Kung hindi naman, maaaring isumite ang mga ito pagkatapos maisumite ang nasabing salaysay o *factsheet* ayon sa inisyatiba ng nagrereklamo o kanyang kinatawan, o ayon sa kahilingan ng JS o ng JMC.


57. Anu-ano ang mga dokumentong maaaring isumite?

Mga halimbawa ay:

- a. *affidavit* o sinumpaang salaysay;
- b. *fact-finding mission report*;
- k. *quick reaction team report*;
- d. *news clippings*;
- e. *police* o *barangay blotter* o *report*;
- g. *pamphlets* o polyetos;
- h. *transcript of stenographic notes* (o TSNs);
- i. mga papeles/desisyon/utos ng korte;
- l. *object evidence* (halimbawa, basyo ng bala, damit, etc.);
- m. *litrato/audio/video*;
- n. *necropsy/post-mortem/autopsy report*;
- ng. *medico-legal report*;
- o. *birth/marriage/death certificate*.



58. Saan isusumite ang mga reklamo o impormasyon ng diumano'y paglabag ng GRP (Armed Forces of the Philippines o AFP, Philippine National Police o PNP, Citizen's Armed Forces Geographical Units o CAFGU, at iba pa)?



Sa *GRP-Nominated Section* ng JS o direktso sa MC nito.

Ang NDFP-JS o ang MC nito ay maaari ring tumanggap ng reklamo o impormasyon ng diumano'y paglabag ng GRP, na siya nitong ipapasa sa GRP-JS o direktso sa MC nito.

59. Saan isusumite ang mga reklamo o impormasyon ng diumano'y paglabag ng NDFP (BHB, Milisyang Bayan, at iba pa)?

Sa *NDFP-Nominated Section* ng JS o direktso sa MC nito.

Ang GRP-JS o ang MC nito ay maaari ring tumanggap ng reklamo o impormasyon ng diumano'y paglabag ng NDFP, na siya nitong ipapasa sa NDFP-JS o direktso sa MC nito.

60. Pinapalitan ba ng gawain ng JMC ang gawain ng ibang mga organisasyong pang-karapatang-tao at pang-kapayapaan?

Hindi. Ang mga organisasyong pang-karapatang-tao ay inaasahang ipagpatuloy ang kanilang independyenteng gawain sa pagtataguyod ng paggalang sa karapatang-tao, pagdo-dokumeto ng mga paglabag at pagbibigay ng serbisyo sa mga biktima at/o sa kanilang kamag-anak.





61. Maaari pa rin bang isumite sa JMC ang mga kaso na naisampa na, nakasampa pa o ibinasura na sa ibang ahensya o larangan?

Oo. Sapagkat ang JMC ay isang karagdagang larangan o mekanismo na tumatanggap ng mga reklamo ng diumano'y paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, laluna sa konteksto ng negosasyong pangkapayapaan at sa kasalukuyang nagaganap na armadong tunggalian.

62. Lahat ba ng mga reklamo ng paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas at sa CARHRIHL at karampatang impormasyon ay maaaring isumite sa JMC?

Hindi. Iyon lamang mga insidente na naganap mula Agosto 7, 1998 pataas kung kailan nagkaroon ng bisa ang CARHRIHL ang maaaring isampa o isumite sa JMC.

(Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga *forms*, daloy ng proseso sa mga reklamo at iba pang mga gabay sa pagsumite ng mga reklamo, magtanong o makipag-ugnayan sa opisina ng NDFP-JS.)



V. Mga Tungkulin ng Mamamayan



63. Paano makapagsisilbi sa mamamayan ang CARHRIHL?


Bagamat may obligasyong-moral ang GRP na ipatupad ang CARHRIHL, walang garantiya na ipatutupad nito ang CARHRIHL. Sa katotohanan, walang garantiya, tulad ng namalas na mula Agosto 7, 1998 at laluna sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo, na ititigil na ng GRP ang sistematikong paglabag nito sa mga karapatang-tao at sa internasyunal na makataong batas. Kung gayon, magagamit ng mamamayan ang CARHRIHL upang ilantad at labanan ang mga patuloy na paglabag ng GRP sa kanilang mga karapatan. Sa kamay ng mulat at militanteng mamamayan, ang CARHRIHL ay maaaring magsilbing karagdagang sandata sa kanilang pakikibaka para sa kanilang demokratikong karapatan at panlipunang kagalingan. Maaaring gamitin ng mamamayan ang CARHRIHL upang mapangalagaan nila ang kanilang mga karapatan laban sa pang-aapi, pagpapahirap, pang-aabuso at pasistang pananalanta ng estado at upang igiit ang katarungan at karampatang pagpaparusa sa mga nagkasala.

64. Ano ang maaaring gawin ng mamamayan upang itaguyod ang CARHRIHL?

Kinakailangang palaganapin ang nilalaman ng CARHRIHL upang maging mulat ang lahat ng mamamayan sa buong saklaw ng kanilang mga karapatan at magamit nila ang kaalamang ito sa kanilang militanteng paggigiit at



pakikibaka. Ang mamamayan ay dapat maarmasan ng matibay at malalim na pag-unawa sa kanilang mga karapatan upang kanilang lubos na maunawaan kung bakit kailangan ang puspusang pakikibaka para sa isang malaya, demokratiko, makatarungan at maunlad na lipunan.



65. Paaano masusuportahan ng mamamayan ang gawain ng JMC?

Masusuportahan ng mamamayan at mabibigyang saysay ang gawain ng JMC sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga kaso o reklamo ng paglabag sa mga kaparatang-tao at internasyunal na makataong batas at ang paggiit na mabigyan ng kagyat na resolusyon ng JMC ang mga nakasampang kaso at reklamo. Ang partisipasyon ng mamamayan sa gawain ng JMC ay makakatulong sa pagbibigay ng katarungan sa mga biktima at pagpapatigil sa walang-habas na mga paglabag sa kaparatang-tao at internasyunal na makataong batas.

66. Paano makakatulong ang mamamayan sa pagtiyak ng tagumpay ng negosasyong pangkapayapaan tungo sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan?



Una, manawagan sa pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan upang tugunan ang mga ugat ng armadong tunggalian at mailatag ang batayan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan;

Pangalawa, tiyaking tumatalima ang GRP at NDFP sa CARHRIHL at ipinatutupad ito sa kabuuan;

Pangatlo, tiyaking ang mga tagumpay at pakinabang na nakamit sa negosasyong



pangkapayapaan ay napapangalagaan at napapayabong.

Pang-apat, magbantay na ang kanilang interes at kagalingan ay kinikilala, ginagarantiyahan at itinataguyod sa negosasyong pangkapayapaan.

At panghuli, makilahok sa pagresolba ng mga batayang suliranin ng lipunan at makibaka para sa isang malaya, demokratiko, makatarungan at maunlad na Pilipinas. ✨



List of Questions



I. The Peace Negotiations between the NDFP and the GRP

1. Why are there peace negotiations between the NDFP and GRP? 56
2. How can our country attain a just and lasting peace? 56
3. Is it possible to achieve a just and lasting peace through the peace negotiations? 57
4. How can the peace negotiations be beneficial to the people? 57
5. What are the main documents or agreements already signed and agreed upon by the NDFP and the GRP before the CARHRIHL? 58
6. What are the contents and significance of The Hague Joint Declaration (THJD)? 58
7. What are the contents and significance of the Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG)? 59

II. The CARHRIHL

8. What is the CARHRIHL? 60
9. What is the rationale of the CARHRIHL? 60
10. What are the objectives of the CARHRIHL? 61
11. What is the significance of the CARHRIHL in the peace negotiations? 61
12. Why is the CARHRIHL a historic document? 62
13. What is the importance of the CARHRIHL? 62
14. What are the other significant provisions in the initial sections of the CARHRIHL (Preamble; Declaration of Principles; and Bases, Scope and Applicability)? 63

On Respect for Human Rights

15. What does the CARHRIHL say about respect for human rights? 63
16. What are the human rights specified in the CARHRIHL? 63
17. What does the CARHRIHL say about violations and abuses of human rights? 66
18. What does the CARHRIHL say about the victims of Martial Law? 67
19. What does the CARHRIHL say about political prisoners? 67
20. What does the CARHRIHL say about repressive laws, decrees, executive issuances and unjust court decisions of the GRP? 68
21. What does the CARHRIHL say about activities that could, environmentally and otherwise, be harmful to the lives, livelihood and properties of the people? 70



22. What does the CARHRIHL say on the collective and individual rights of the people? 70
